NAG hake hand sina PSC Chairman Richard Bachmann at Anatoly Karpov bilang pag welcome sa pag bisita sa bansa ng tanyag na Grandmaster mula sa Russia kaugnay ng kanyang pagbisita para sa "12th World Chess Championship Meet the Legend the life and Chess" na ginanap sa Rizal Memorial Sports Complex. (RGN)



GROUP PHOTO PSC CHAIRMAN RICHARD BACHMANN / ANATOLY KARPOV
Group photo ng (pangalawa sa kaliwa) PSC Chairman Richard Bachmann, Grandmaster Anatoly Karpov at opisyal ng Russian, kasama sina 1st Asia Grandmaster Eugene Torre, NCCP CEO Grandmaster Jayson Gonzales at iba pang opisyal kaugnay ng ginanap na "12th World Chess Championship. Meet the Legend the life and Chess" na ginanap sa Rizal Memorial Sports Complex. (RGN)

P1B ayuda, solusyon ni PBBM sa 'di makabayad sa murang pabahay

MAYNILA, (PIA) -- Benepisyaryo ng murang pabahay ng gobyerno pero kapos sa pambayad ng monthly amortization? May nakitang solusyon dito ang Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., ang pagtatatag ng P1 bilyong housing subsidy fund para sa mga tatanggap ng low-cost housing units ng gobyerno.

Ito and ibinalita ng Pangulo matapos pangunahan ang groundbreaking ceremony para sa pinakabagong housing project sa ilalim ng Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Housing (4PH) Program at walkthrough ng Batasan Development Renewal Plan sa Batasan Tricycle Operators and Drivers' Association (BaTODA) Terminal sa Batasan Hills, Quezon City nitong Martes.

"We are still left with a fact that many of our beneficiaries will still not be able to afford the monthly amortization (Angmasaklap na katotohanan ay marami sa ating mga benepisyaryo ang hindi pa rin kayang bayaran ang buwanang amortisasyon ng mga yunit na ito)," ani Marcos, kasama si Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) Secretary Jose Rizalino Acuzar, Mayor Joy Belmonte, at House Speaker Martin Romualdez, matapos ininspeksyon ang plano para sa housing project sa siyudad.

"Pinag-aaralan namin ni Secretary Acuzar ang pagtatayo ng subsidy fund para dito sa ating housing program. Siguro, maglalagay tayo diyan, 'pag nakahanap tayo ng pera, mga P1 billion to start with para meron tayong subsidy na ibibigay para sa ating magiging tenant," dagdag pa niya, kasabay nito ang pagpapaalala sa kanyang panatang magbigay ng "disente at abot-kayang pabahay para sa bawat pamilyang Pilipino."

Paliwanag ni Marcos, bahagi ng 4PH housing project sa Batasan ang pagtatayo ng 33-storey building na may kabuuang 2,160 housing units para

sa mga tricycle operator at drayber at ilang maralitang taga-lungsod.

"On this site we build two high-rise buildings with more than 2,100 units for the BaTODA members and their families in the city. Ang ground floor ng mga building na ito ay magiging tricycle terminal," anang Pangulo.

Pinasalamatan din ni Marcos ang DHSUD sa pangunguna sa flagship housing program ng pambansang pamahalaan, gayundin ang lokal na pamahalaan ng Quezon City sa suporta at paglalaan nito ng lupa at kaukulang pondong pinansyal para sa naturang proyektong pabahay.

Nagpahayag din siya ng pag-asa na agarang aaprubahan ng Kongreso ang kanyang panawagan para gawing bahagi na ng regular appropriations ang housing interest support.

"The government is committed to secure the needed housing interest support for 2023. I now call on Congress for your support, including housing interest support as part of the regular appropriations for the succeeding years," ani Marcos.

Kaugnay nito, pinasalamatan din ni Mayor Belmonte ang Pangulong Marcos sa suporta nito sa kanilang lungsod. **(PIA-NCR)**

Nabangga na ng motor, nagulungan pa ng sasakyan

PATAY ang binatang magsasaka matapos na nabangga ng motorsiklo ay nagulungan pangsasakyan habang tumatawid sa sa Silang, Cavite Martes ng gabi.

Naisugod pa sa Ospital ng Tagaytay ang biktimgang si Michael Cuyos y Sirbise, 36, ng Brgy. Malabag, Silang.

Ginamot din sa Silang Specialist Medical Center ang driver ng motorsiklong Honda na si Dhong Bundac Buncag, 42, may-asawa, ng 120 Crystal Cave, Baguio City, Benguet, dahil sa tinamong sugat sa katawan.

Sa ulat, tumatawid ang biktima sa kahabaan ng

Binata, itinumba sa iskinita

ITINUMBA ang 40-anyos na binata na pinagbabaril ng hindi kilalang lalaki sa eskinita sa Dasmariñas City, Cavite Martes ng gabi.

Kinilala ang biktima na si Parker De Jesus y Cupina, walang trabaho, tubong Surigao, at residente ng Block L 16, Excess Lot, Brgy Emmanuel Bergado 1, Dasmariñas City, na namatay sa pinangyarihan ng insidente dahil sa tama ng bala sa katawan.

Inaalam naman ang pagkakakilanlan sa suspek at tumakas matapos ang pamamaril.

Sa ulat, dakong alas-9:40 ng umaga naganap

Sintas ng sapatos, ginamit pambigti

DAHIL umano sa dinaranas na depresyon sa problema sa pamilya, tinangka ng isang lalaki na nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbigti gamit ang sintas ng sapatos sa Kawit, Cavite Martes ng hapon.

Ginamot at nasa kritikal na kondisyon ang biktimgang si Angelo Biaco y Bayot, nasa wastong edad, ng Brgy Gahak, Kawit, sa San Pedro Calungsod Hospital. Sa ulat, dakong alas-3:20 ng hapon ay natuklasan ni Jerome Cruz Del

ang insidente kung saan nakatayo umano ang biktima sa isang eskinita sa No. 46 Extension Lot, Brgy Emmanuel Bergado, Dasmariñas City.

Nalapitan siya ng suspek at walang sabi-sabing pinagbabaril.

Tiniyak ng suspek na wala ng buhay ang biktima saka umalis na tila walang nangyari sa hindi batid na direksyon.

Nagsagawa naman ng backtracking sa Closed Circuit Television (CCTV) sa pagkakakilanlan sa suspek at inaalam din kung ano ang motibo sa pamamaril. **GENE ADSUARA**

Rosario ang tangkang pagpapakamatay ng biktima sa pamamagitan ng pagbigti gamit ang isang sintas ng sapatos sa loob ng kuwarto sa bahay sa Brgy Gahak, Kawit. Mabilis namang isinugod ang biktima sa ospital kung saan nasa kritikal na kalagayan.

Ayon sa mga kamag-anak, dumaranas umano ng depresyon ang biktima dahil sa problema sa kanilang pamilya. **GENE ADSUARA**

Korean national 'binitbit' sa bisa ng warrant

BINITBIT sa bisa ng warrant of arrest ang isang Korean national dahil sa kasong paglabag sa bouncing checks law sa Cavite City, Martes ng

umaga. Kinilala ang suspek na si Lee Ik Hwan y Oh, 57, tubong Gyeng Ki Province South Korea, negosyante, at nakatira sa 21 Jakarta St. Northwest Village City of Parañaque.

Sa ulat, dakong alas-9:50 ng umaga ay nagsagawa ng operasyon ang Cavite City Police Station Warrant Section at Cavite Maritime Police Station laban sa mga wanted person na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek na namataan sa Brgy 62-A, Cavite City, Cavite.

Ang suspek ay may nakabinbin na warrant of arrest na inisyu ni HON. HILDA POBLETE MENDOZA ng MTC Branch 1 Imus Cavite dahil sa kasong paglabag sa BP 22 (The at penalizing the making or drawing and issuance of a check without insufficient funds or credit and for other purposes). **GENE ADSUARA**

Barangay vehicle bumangga sa poste, 1 patay; 4 sugatan

PATAY ang isa sa apat na pasahero ng patrol vehicle na minamaneho ng barangay councilor makaraang bumaligtad at bumangga sa poste ng kuryente matapos itong nag-overtake sa Alfonso, Cavite Miyerkules ng umaga.

Pawang isinugod sa Poble Memorial Hospital ang mga biktimgang sina ALDRIN Casamay Legaspi, 33, barangay councilor at driver ng patrol vehicle, mga magkakamag-anak na pasahero nito na sina Jojit Legaspi y Jeciel, 46; Renato Legaspi Nosa, 53; Jefferson Legaspi Nosa, 40; at Geraldo Atte y Legaspi, 54, pawang residente

ng Brgy Palangue, Naic, Cavite subalit idineklarang dead on arrival si Atte.

Sa ulat, dakong alas-7:00 ng umaga naganap ang insidente.

Minamaneho ni Casama ang patrol vehicle ng Brgy Palangue, Naic, na kulay puti na Foton Gratour at may plakang LID 665 sa kahabaan ng Brgy Mangas 2, Alfonso.

Pagsapit sa pinangyarihan ng insidente ay tinangka ng driver na mag-overtake sa isang sasakyan.

Nawalan umano ito ng kontrol sa manibela kaya tumagilid hanggang sa bumaligtad at bumangga sa poste ng kuryente. **GENE ADSUARA**

Kauna-unahang Timpalak sa Tulang Senyas, sinimulan ng KWF

Sinimulan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang Timpalak sa Tulang Senyas, ang kauna-unahang patimpalak sa pagtula sa pasenyas na paraan sa buong Pilipinas. Itinataguyod ito ng KWF na naglalayong palaganapin ang Filipino Sign Language (FSL) bilang tunay na wika, pagsulong ng Filipino Deaf culture sa pamamagitan ng panitikan, kilalanin at bigyang-puwang ang di-matatawarang kakayahan at husay ng mga kababayang Deaf, at makapag-ambag sila sa panulaang Filipino ng kanilang obra sa pamamagitan ng pasenyas na pagtula.

Bukás ang timpalak sa lahat ng mga Filipino citizen na matatas sa FSL, babae man o lalaki sa buong mundo, maliban sa kawani na ng KWF at kanilang mga kaanak. Maaaring lumahok sa isa sa dalawang kategorya ng timpalak, ang Bingi o Hard-of-Hearing at Hindi Bingi. Ang entring ipapasa ay isang tulang senyas na hindi bababa sa dalawampu't apat na taludtod o linya at hindi lalagpas sa

apatnapung taludtod o linya. Kinakailangang may pamagat ang ipapasang koleksiyon. Ang paksa ng tula ay salig sa tema ng Buwan ng Panitikan 2023 na "Kultura ng Pagkakaisa: Pagsisiyasat ng Pagkakaisa sa Pamamagitan ng Panitikan." Ang ipapasang tula ay malayà (walang tugma at sukat).

Ang lahok ay kailangang orihinal at isesenyas gamit ang Filipino Sign Language (FSL), hindi salin ng nalalathala nang tula, at hindi pa nasesenyas at nalalathala sa alinmang platform. Ang sinumang mahuli at mapatunayang nagkasála ng pangongopya ay kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nitó sa timpalak at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.

Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 13 Pebrero 2023, 5:00 nh. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite. Para sa karagdaganang detalye, mag-text o tumawag sa 0928-844-1349 o mag-email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph. **(KWF)**

Naglalakad, binoga sa ulo

PATAY ang 26-anyos na service crew ng isang fast food chain makaraang barilin sa ulo ng hindi pa nakikilalang suspek sa Bacoor City, Cavite Lunes ng umaga.

Kinilala ang biktima na si Roger Alvero Toretin, ng Brgy Molino 3, Bacoor City, na namatay sa pinangyarihan ng insidente. Inaalam naman ang pagkakakilanlan sa suspek na tumakas dala ang baril

na ginamit. Sa ulat, dakong alas-6:30 ng umaga naganap ang insidente sa Cyber Green Valley Brgy. Molino 3, Bacoor City.

Naglalakad ang biktima at walang sabi-sabing binaril sa ulo ng suspek. Patuloy ang isinasagawang imbestigasyon upang malaman ang motibo, pagkakakilanlan sa suspek at pagkakaaresto nito. **GENE ADSUARA**

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
Fourth Judicial Region
Branch 109, Carmona, Cavite
2nd Flr., Hall of Justice Bldg., Brgy. Maduya, Carmona, Cavite
Email add: rtc2cac109@judiciary.gov.ph; Tel. No. (046) 4828527

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,
(otherwise known as Pag-IBIG Fund),
Mortgagee,

-versus-
EJF-2023-02
For: EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE
OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER
ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

YOLANDA V. REAL married to JOSITO M. REAL,
Mortgagors/Debtors.

x-----x

NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund), with postal address at The Petron Mega Plaza Building No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against the mortgagors/debtors, YOLANDA V. REAL, married to JOSITO M. REAL, with postal address/es at 1.) #128 L. Wood St., Taytay, Rizal; and 2.) Lot 07 Block 10, Carmona Townhomes, Brgy. Milagrosa (Ulong Tubig), Carmona, Cavite, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 20 December, 2022 amounts to SEVENTY NINE THOUSAND NINE HUNDRED NINETY TWO PESOS AND NINETY TWO CENTAVOS (PHP79,992.92), exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned or his duly authorized representative will SELL at public auction on **March 02, 2023** at 1:00 o'clock in the afternoon at the Court Room of Branch 109, Regional Trial Court, Hall of Justice Building, Carmona, Cavite to the highest bidder for CASH or MANAGER'S CHECK, in Philippine currency, the mortgaged property/ies with all the improvements thereon to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-736184

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in the Mun. of Carmona, Prov. of Cavite bounded and described as follows:

"A PARCEL OF LAND (Lot 7, Blk. 10 of the cons. subd. plan, Pcs-04-009342, being a portion of the cons. of lots 739, 740, 741, Cad-285, Carmona, Cad, L.R.C. Rec. No.), situated in the Bo. of Ulong Tubig, Mun. of Carmona, Prov. of Cavite, s. of Luzon. Bounded on the SE. along line 1-2 by Rd. lot 3 (6.50m.w.); on the SW., along line 2-3 by lot 6, Blk. 10, both of the cons. subd. plan; on the NW., along line 3-4 by Abandoned Bo. of Rd; and on the NE., along line 4-1 by lot 8, Blk. 10 of the cons. subd. plan. Beginning at a pt. marked "1" on plan being N. 42 deg. 25'W., 175.39 m. from BBM No. 6, Cad-285, Carmona cadastre; thence S. 56 deg. 10'W., 6.50 m. to pt. 2; thence N. 33 deg. 50'W., 10.22 m. to pt. 3; thence N. 55 deg. 56'E., 6.50 m. to pt. 4; thence S. 33 deg. 50'E., 10.27 m. to the pt. of beginning containing an area of SIXTY SEVEN (67) SQ. METERS. All pts. referred to are indicated on the plan and are marked on the ground by PS cyl. conc. mons. 15x60 cm., bearings true; date of orig. survey, Aug. 16, 1940 - June 31, 1941 & that of the cons. subd. survey, Feb. 7, 11, 26, 1995 & March 1-9, 1994 & was approved on Jan. 13, 1995."

xxxNOTHINGFOLLOWSxxx

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **March 9, 2023**, at the same time and place without further notice.

17 January 2023 at Carmona, Cavite.

BON GERARD D. ASCAÑO
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

Prepared by:
JOSEPH R. DIOKNO
Sheriff In-Charge

Copy furnished:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
The Petron Mega Plaza Bldg.
No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

MARIA VICTORIA D. CAPIRAL c/o
ATTY. MAYBELLE JOY E. BERNALES
Anchor Collection Services Inc.
Bldg. #2 Malakas cor. Mapagmahal St.
Brgy. Pinyahan, Quezon City

YOLANDA V. REAL and JOSITO M. REAL
1.) #128 L. Wood St., Taytay Rizal
2.) Lot 07 Block 10, Carmona Townhomes, Brgy. Milagrosa
(UlongTubig), Carmona, Cavite

Publication: HANEP January 23, 30 & February 6, 2023

Republic of the Philippines
Judicial and Bar Council
Manila

ANNOUNCEMENT

The Judicial and Bar Council (JBC) announces that the following are applicants for the position of Presiding Judge in one, some or all of the First Level Courts in Region IV which their names are listed:

MUNICIPAL TRIAL COURTS IN CITIES (MTCC), Branch 2, BATANGAS CITY, BATANGAS: MTCC Branches 1 and 3, LIPA CITY, BATANGAS: MUNICIPAL TRIAL COURT (MTC), CALACA, BATANGAS: MTC. CUENCA, BATANGAS: MTC. MATAAS NA KAHAY, BATANGAS: MTC. PADRE GARCIA, BATANGAS: MTCC, Branch 4, DASMARINAS CITY, CAVITE: MTCC, Branches 3 and 4, CITY OF IMUS, CAVITE: MTC. TANZA, CAVITE: MUNICIPAL CIRCUIT TRIAL COURT (MCTC), ALFONSO-GENERAL AGUINALDO, CAVITE: MTCC, BINANCITY, LAGUNA: MTC. PANSANJAN, LAGUNA: MTC. PILA, LAGUNA: 1st MCTC, LUISIANA-CAVINTI, LAGUNA, 7th MCTC, ST. MARIA-MABITAC, LAGUNA: MTC. MAMBURAO, MINDORO OCCIDENTAL: MTC. STA. CRUZ, MINDORO OCCIDENTAL: 2nd MCTC, LUBANG-LOOC, MINDORO OCCIDENTAL: MTC. BONGABONG, MINDORO ORIENTAL: MTC. PINAMALAYAN, MINDORO ORIENTAL: 1st MCTC, SAN TEODORO-BACO-PUERTO GALERA, MINDORO ORIENTAL: 1st MCTC, CUYO-AGUTAYA-MAGSAYSAY, PALAWAN: 4th MCTC TAYTAY-SAN VICENTE, PALAWAN: MTCC, Branch 2, LUCENA CITY, QUEZON: MTC. CANDELARIA, QUEZON: MTC. TAGKAWAYAN, QUEZON: MTCC, Branches 1,2 and 4, ANTIPOLO CITY, RIZAL: MTC. CAINTA, RIZAL: MTC. MORONG RIZAL; ABASTILLAS, Renato M.; Jr.; ABEÑOJA, Hazel Angeline Q.; ADVIENTO, Jennifer M.; ALBANO, Ed Vincent A., III; ALBARICO, Allesandra Fay V.; ALCAZAR, Rizalina E.; ALCAZAR-BATACAN, Christine Ann Marie R.; ALCAZAR-GARIANDO, Jona may M.; ALEJANDRO, Ciane Corrine C.; ALMARIO, Shari-Christine S.; ALMEDA, Enrico Voltaire G.; ALMEIDA-DE MATA, Monica Cecilia F.; ALVAERA, Roque Aldrich B.; ALVARO-DIMACULANGAN, Connie P.; ANDAYA, Esmeralda G.; ANG-CALLUENG, Mary Eileen O.; ANGLUE-CACERES, Aileen Rose J.; APOLINARIO-BONQUIN, Anissa P.; ARCEGA, Baby Perian R.; ARELLANO, Joanna R.; ARIATE, Eunice Carmela M.; ASTUDILLO, Cristina V.; AVILLANOSA, Walter P.; BADANDO, Artemis Q.; BADUA, Ma. Jhunelle A.; BALISACAN, Ryan Hartzell C.; BANZUELA, Analyn F.; BARBOSA-BIANZON, Francia M.; BARCELONA, Ralph Karlo B.; BARON, John Evan V.; BASTASA, Michelle C.; BEBER, Dindo D. BELLEZA, Joseph L.; BELZA, Lovette Joi O.; BESEDILLAS, Rosa P. BIDES, Reden B.; BILGERA-CORDERO, Ma. Corazon B.; BINAY, Sharmagne Joy A.; BOLONG-DE-LEON, Marie Diane O.; BUSTAMANTE, Darniel R.; CAAGAO-PALAGANAS, Ruchin Sherryl C.; CACHAPERO, Oliver P., Jr.; CACHALO, Raul A.; CANTO-HERNANDEZ, Rosalyn C.; CAPATI, Giancarlo S.; CAPILI, Van Joseph F.; CARAG, Dane Caceus marionne M.; CASTILLO, Mark Erwin C.; CERAPION-TOLENTINO, Ma. Jayra A.; CO, Maria Norma G.; COMIA, Trixy L.; CONGE, Romeo Carmelito C.; CORDEZ, Jaime I., Jr.; CRISOSTOMO-OFILAS, Anna May H.; CUBA-SAMANIEGO, Margaret Kristel B.; CUERDO-BANATIN, Winnie Anne S.; CUETO-MATABANG, Marcian Noby J.; DAING, Paul Patrick D.; DE JOYA, Rose Jennifer A.; DE LEON, Bernardo V., Jr.; DEL VAL, Antonio O.; DELA CHICA, Jose Jay E.; DELA CRUZ, Liza M.; DEVEZA-MACASAET, Jillian Kristin A.; DIMAYUGA, Roxanne Marie B.; DITAN, Nelson C.; DIVINO-ABEJERO, Reichelle S.; DOMANTAY, Cornelio p., Jr.; ENCARNACION, Ian D.; EFRE, Nazi Jester U.; ESPINA, KIM G.; ESPINAS-DIONISIO, Jeshiree D.; ESPIRITU-DE UNGRIA, Lynette I.; ESTRADA, Catherine Socorro O.; ESTRADA, Lovely C.; ESTRADA-MATUTINAO, Maria Margarita E.; EUGENIO, Bernadette A.; EVANELISTA, Carlo F.; FAJARDO, Karlyle dawn V.; FARAON, Redeemer B.; FERNANDEZ, James A.; FERRAREN, Ryan D.; FRANCISCO-REDIMANO, Cecille L.; FRIANEZA, Norberto D.; I; GABRIEL, Sherry Anne C.; GALVEZ, Julius Francis R.; GALVEZ, Roy Mikhail V.; GARCIA-GABRIEL, Aura Rizza A.; GARCIA-MENDOZA, Seralyn O.; GAUDIEL, Bibiano Marc P., IV.; GAW-SIATOL, Stephanie Mei L.; GENOTA, Mell Anthony L.; GONZAGA, Joseph R.; GONZALES, Rita Mildred M.; GORDULA, Xavier Elbert V.; GUEVARA-ABASTILLAS, Joyce Marie S.; GUEVARRA, Maria Cristina Portia G.; GUTTIEREZ, Ma. Mae V.; HERNANDEZ, Christopher R.; IBARRA, Cheryl Angela A.; ILUSTRISIMO-FAJARDO, Vanessa L.; JAVIER, April Rose B.; JAVIER, Franco Exequiel Manuel S.; JOCSON-

AGUIRRE, Jenefer G.; JUAN-MONERA, Shayne T.; KIMAYONG-AMILAO, Romelyn A.; LACAS, Pascual A., Jr.; LAGMAN, Ma. Victoria S.; LEAL, Lemuel C.; LOBO, Allan C.; LONGAYON-TABILIN, Maricar T.; LORENA, Lilibeth C.; LUCMAN, Sheham S.; LUMANGLAS, Crisalyn B.; LUNASTO-DOMINGO, Aissa Celine H.; MACAIRAN, Marvin Kris T.; MACAPAGAL-MANALO, Cheryl Mae A.; MACATANGAY, Albino Denis C.; MADARANG, Jasmine A.; MADRILEÑO, Lowell Fredrick A.; MAGHIRANG, Ariel P.; MAKALINTAL, Roberto S., Jr.; MALALUAN, Krisandra Ann D.; MANALO, Juan C.; MANLANGIT, Constantino U.; MANONGSONG-ANTALAN, Katherine Jocel M.; MANSION, Euinice R.; MARANAN-CABATINGAN, Ljaline B.; MASANGKAY, Jose Michael D.; MASCARDO, Joyce Anne V.; MASONGSONG, Christian Leonard V.; MATIONG, Mary Beatrice M.; MAUHAY-VALDEZ, Gisela Cecilia A.; MEJIA, Paul Maichael T.; MELITANTE, Christian George L.; MENDOZA, Anna Marie C.; MENDOZA, Glenn P.; MENDOZA, P. Winston B.; MENDOZA, Roxanne Marie A.; MERCADO-ARANGUREN, Aissa C.; MIANO, Diano Marie P.; MONTALBO, Jeremy P.; MORALES-MAPANG, Monique B.; MORCILLA-OLAP Rea L.; MORENO, Ryan Christopher A.; NARVADEZ, Maria Luisa M.; NAVA-YAP, Anna Rose M.; NGO, Mary Grace M.; NIERVA-PITPIT, Carmela B.; NOLASCO, Charisma I.; NOVERO, Brian D.; NOVICIO, Felix Leonard S.; OBIETA-PALAD, Ma. Sophia P.; OCO, Alexis S.; OLOTEO, Philbert A.; ONG, Ayzeris B.; PAGDANGANAN, Joeffrey G.; PALMES, Jacqueline H.; PALOMA-BACHO, Eileen D.; PANALIGAN, Marjorie B. PANELO, Daniel Von Evan O. PANGANIBAN-ROCAFORT, Jasmin P.; PASTOR, Ann Marie Loren R.; PEREZ, Bryan Alphonso E.; PERIDO, Quennie Lyn A.; PIMENTEL, Michael P.; PITPIT, Froilan B.; PUECA, Jenette O.; QUINTOS, Beverly Anne F.; RAMOS-KARAAN, Judith Y.; RAZON-OLANDESCA, Zenaida R.; RECTO, Gayle Angeli M.; REYES, Maria Teresa V.; REYES-MENDOZA, Margaret P.; RICABLANCA, Sonny Jose M.; RICABLANCA-PARGAS, Sonia Philpa M.; RISMA, Ace Victor F.; SABANGAN-AMBAT, Charina G.; SADONGDONG, Jerome B.; SAMEDRA, Arvy Chris D.; SAMONTE, Sabrina J.; SANCHEZ, Analiza D.; SANDE-SALAZAR, Stephanie P.; SANTONIA, Remedios S.; SARMIENTO, Glaiza G.; SERRANO, Ismael T., Jr.; SIGUA-YUMUL, Sheryl E.; SILVA-CASTRO, Merlo Vinia C.; SIÑEL, Rachel Ann A.; SISON, John Michael O.; SORALLO-VERIDIANO, Jonna A.; SUBEJANO-PELIM, Z'sa May B.; SUING-VITUG, Ma. Niña Jasmin R.; SULIT, Jam Tristan L.; TABLANTE, Tristan Jason Q.; TAN, Stephanie Michelle C.; TANALIGA-OLIVA, Rosalinda A.; TANDOC-RICABIERTA, Rachele C.; TANGUANGO, Alvin B.; TEAÑO, Jordan J.; TORRECAMPO, Maria Kristina R.; TORRENTIRA, Rosalio; TORRES, Edwin C.; TORRES, Francisco E., Jr.; TRIA TIRONA, Agustin Tomas C.; TRINIDAD, Marie Grace R.; UBERITA, Joan N.; UMALI, Marie Gene Cecille B. VALENZUELA, Maria Angelica M.; VELASCO, Irene May J.; VENERACION, Rose Camille C.; VERGARA, Beryl R.; VILLANUEVA-CAASI, Noime A.; VILLARIN, Vernard M.; VIVAS-BALAGTAS, Angelica F.

The following are applicants for the position of presiding Judge in one, some or all of the Regional Trial Courts in regions I and II under which their names are listed:

Branch 58, BUCAY, ABRA, Branch 13, BASCO, BATANES: ASTUDILLO, Cristina V.; BAGSAN, Dante M.; BELENA, Persephone Meir B.; EMBIDO-BUENAVENTURA, Crystal Dei D.; GONZAGA, Joseph R.; MACUTAY, Cheryl Arni F.; MIANO, Diana Marie P.; QUITOLBO, Rodolfo V., Jr.; TAQUED, Gamaliel S.; TRIA TIRONA, Agustin Tomas C.; VALENZUELA, Arnold A.

Moreover, the following are also applicants for the position of Presiding Judge in some Regional Trial Courts in Region IV:

PANGANIBAN-ROCAFORT, Jasmin P.; MACAIRAN, Marvin Kris T.

The public may submit a sworn compliant, report, or opposition against any of the aforesaid (a) by mail in ten (10) legible copies to the JBC, 2nd Floor, Centennial Building Supreme Court, Padre Faura St., Manila, or through the JBC drop box; or (b) by electronic mail to jbc@judiciary.gov.ph not later than 4:30 in the afternoon of **31 January 2023**.

20 January 2023.

MARIFE M. LOMIBAO-CUEVAS
Clerk of Court & JBC Ex Officio Secretary

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
City of Bacoor
Email: rtc1bcrocc@judiciary.gov.ph
Telephone No. 09273707489

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND,
(otherwise known as Pag-IBIG Fund)
Mortgagee,

-versus- Foreclosure No. 2023-14
For: Extra Judicial Foreclosure
of Real Estate Mortgage

GRICHELLE PRADO married to
SHEANDE PRADO,
Mortgagor,

----- x

NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund)** at The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue., Makati City, and against **GRICHELLE PRADO married to SHEANDE PRADO** at Lot 20 Blk. 4 Abel Nosce Street, Villa Grande BFRV Las Pinas City, Metro Manila, to satisfy the mortgagee indebtedness which as of December 15, 2022, amounts to **EIGHT HUNDRED SIXTY NINE THOUSAND FOUR HUNDRED EIGHT PESOS & 93/100 (P869,408.93)**, Philippine Currency, inclusive of interest and penalty charges, but exclusive of other fees incident to this foreclosure, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on March 7, 2023 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2012008671

"A PARCEL OF LAND (LOT 83, BLOCK 27 OF THE CONS.-SUBD. PLAN, PCS-04-025617, BEING A PORTION OF LOTS 7081-A & 7081-B, PSD-04-001444; LOT 7082, PLS-2283; LOT 6683, IMUS FRIAR LAND ESTATE & LOT 2, PCS-04-025171, L.R.C REC NO.) SITUATED IN BARANGAY OF MOLINO, MUNICIPALITY OF BACOR, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. X X X CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX (36) SQUARE METERS."

"All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **March 14, 2023**, without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances if any there be.

City of Bacoor, January 31, 2023.

MELY C. HERMOSURA-VISTA
OIC-Clerk of Court V

By: **ARTHUR T. SAN MIGUEL**
Sheriff IV

COPY FURNISHED:

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
(otherwise known as Pag-IBIG Fund)

The Petron Mega Plaza Bldg. No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City

ATTY. MELANIO A. BADENAS, JR.

RM. 209 Megastate Bldg.,
No. 737 G. Araneta Ave., Tatalon Quezon City

GRICHELLE PRADO married to SHEANDE PRADO

Lot 20 Blk. 4 Abel Nosce Street, Villa Grande BFRV Las Pinas City, Metro Manila
Lot 83 Blk. 27 Lessandra Heights Brgy. Molino 4, Bacoor, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: HANEP February 6, 13 & 20, 2023

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
TRECE MARTIRES CITY

PHILIPPINE NATIONAL BANK,
Mortgagee,

Foreclosure Case No. F-807-22

-versus-

SPS. MARCO J. MALLARI AND
GINA B. MALLARI,
Mortgagor/s

X ----- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **PHILIPPINE NATIONAL BANK**, with business address at PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City, Metro Manila, and against the Mortgagor/s, **SPS. MARCO J. MALLARI AND GINA B. MALLARI** with residence and postal addresses at Unit H-1000 Camerino Apartment Rodriguez St., Brgy. 47 Pagkakaisa San Antonio, Cavite City, Cavite and Block 3 Lot 28 Kensington 27, Brgy. Navarro, General Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of 15 October 2022 amounts to **TWO MILLION ONE HUNDRED SIXTY NINE THOUSAND FOUR HUNDRED SIXTY ONE PESOS AND 83/100 (P2,169,461.83)**, Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will set at public auction on **February 23, 2023** at 10:00 o'clock in the morning until 12:00 noon at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2017059860

LOT NO. 28 BLOCK NO. 3 PLAN NO: PCS-04-030003
PORTION OF: LOT 84, BLOCK 6, PSD-04-225691, LOT 1727, RS-04-003042 & LOT 1740, FRS-04-005330, SFDM ESTATE, DECREED NO. 4270; LRC REC. NO. 5964

LOCATION: BARANGAY OF NAVARRO, MUNICIPALITY OF GEN. TRIAS, PROVINCE OF CAVITE

BOUNDARIES:

LINE	DIRECTION	ADJOINING LOT(S)
1-2	NE	LOT 26, BLOCK 3, PCS-04-030003
2-3	SE	ROAD LOT 5, PCS-04-030003
3-4	SW	LOT 30, BLOCK 3, PCS-04-030003
4-1	NW	LOT 27, BLOCK 3, PCS-04-030003

AREA: FIFTY SQUARE METERS (50), MORE OR LESS

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **March 9, 2023** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, January 17, 2023

JOANNAH AVIGAIL C. TIMKANG
Sheriff IV

Copy Furnished:

PHILIPPINE NATIONAL BANK

PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal
Boulevard, Pasay City, Metro Manila



2023 PHILRACOM "JAPAN CUP"

Muling nagpamalas ng husay at galing sa pagremate ang top favorite na kabayo na si Righteous Ruby sa katatapos na 2023 Philracom "Japan Cup" na inilarga sa pista ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar Tanauan Batangas. Sakay ng batikan na hinete na si Jonathan Basco Hernandez ay matagumpay na nakatawid sa meta ang imported horse na si Righteous Ruby matapos makalusot sa balya at makaganti mula sa pagkakatalo kay Shastaloo nung nakaraang taon sa ginanap na Philracom Ambassador Eduardo Cojuangco Cup kung saan ay nametahan ni Shastaloo si Righteous Ruby. Sa pagbukas ng aparato ay nakauna sa paglundag si Treasure Hunting na pinatnubayan ni Mart Gonzales, ngunit agad na umarangkada si (5)Enigmatic Linden na pinatungan ni John Alvin Guce upang makuha ang bandera, kasunod si Speed Fantasy na ginabayan ni Pablito Cabalejo, pang-apat si Bombay Nights na nirendahan ni Fernando Raquel Jr., panlima si Runway Dreamer ni Conrad Henson, pang-anim si Time For Glory na minaniobra ni Oneal Cortez, pampito ang bida na si Righteous Ruby, pangwalo si Shastaloo na sinakyan ni John Paul Guce, habang si (5a) Sudden Impact na lulan ni Ramon Raquel Jr. ang bugaw sa simula. Pagpasok sa back stretch ay patuloy pa sa paglayo sa harapan ang tersero liyamado na si (5)Enigmatic Linden, kasunod ang pangalawa sa pinakadehado na si Speed Fantasy, pangatlo ang pinakadehado na si Runway Dreamer, pang-apat ang kuarto liyamado na si Time For Glory, panlima ang ika-anim sa liyamado na si Bombay Nights, pang-anim ang segundo

liyamado na si Shastaloo, pampito ang quinto liyamado na si Treasure Hunting, pangwalo ang paborito na si Righteous Ruby, habang ang kacouple runner ni (5) Enigmatic Linden na si (5a) Sudden Impact ay nanatiling bugaw. Pagpilit sa far turn ay walang hirap na inagaw ni Shastaloo ang bandera sa nauupos na si (5)Enigmatic Linden, kasunod sa gawing labas si Time For Glory, pangatlo sa tabing balya si Runway Dreamer, habang kumakaskas sa ika-apat na puwesto si Righteous Ruby. Pagsapit sa home stretch ay nasa harapan pa rin si Shastaloo sa bandang gitna, kasabay si Time For Glory sa gawing labas, habang sumwak sa tabing balya ang winning horse na si Righteous Ruby na naging dahilan ng pagkakaroon ng komportableng kalamangan. Pagdating sa huling 100 meter ay pinipilit pa rin makabalik ni Shastaloo sa unahan ngunit hindi na nagpatinag si Righteous Ruby at tuluyan ng tinawid ang meta ng may isang kabayong agwat. Pumorkas kay Righteous Ruby si Shastaloo, pasok sa trifecta si Time For Glory, tumimbang sa quartet si Trespure Hunting at si Bombay Nights ang kumumpleto sa pentafecta. Naorasan si Righteous Ruby ng tiyempong 1:51.2 (13'-22"-24"-24"-27) para sa distansyang 1,800 meter sapat upang mahamig ang premyong P600,000 bilang kampeon mula sa Philracom. Matatandaan na si Righteous Ruby rin ang nakasungkit ng korona ng 2022 Philracom "Japan Cup" ngunit tanging ang couple runner na si Wonderland at Dragon Butterfly lamang ang kanyang nakalaban dahil na scratched sa naturang event sina Runway, Starrininmydreams at ang matinding karibal na si Shastaloo.

SPS. MARCO J. MALLARI AND GINA B. MALLARI

Unit H-1000 Camerino Apartment Rodriguez St., Brgy. 47 Pagkakaisa San Antonio, Cavite City, Cavite
Block 3 Lot 28 Kensington 27, Brgy. Navarro, General Trias, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove deface, or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: HANEP January 23, 30 & February 6, 2023

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
EX-OFFICIO SHERIFF
CAVITE CITY

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
(otherwise known as PAG-IBIG FUND)
Mortgagee,

-versus-

FORECLOSURE CASE NO. REM 8-22

ANNALIZA C. MAESTRE, single,
rep. by Josephine C. Maestre, as
her Atty.-in-Fact

Mortgagor,

x ----- x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **Home Development Mutual Fund (otherwise known as PAG-IBIG FUND)** with principal office at the Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against the Mortgagor, Annaliza C. Maestre, single, rep. by Josephine C. Maestre, as her Atty.-in-Fact, with postal address at Cabuco St., Caridad, Cavite City or Lot 28, Blk. 23, Jordan Estates Subdivision, San Jose, Noveleta, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of November 29, 2022, amounts to **SIX HUNDRED TWENTY ONE THOUSAND NINE HUNDRED EIGHTY FOUR PESOS & 43/100 (Php 621,984.43)** inclusive of interest and other charges, the undersigned will sell at public auction on **February 24, 2023** at 10:00 o'clock in the morning, at the main entrance of the Hall of Justice, Plaza Soledad St., Samonte Park Area, Cavite City to the highest, for CASH and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2012013081

A parcel of land (Lot 28, Blk. 23 of the cons./subd. plan Pcs-04-021183, being a portion of Lot 4-A, Psd-64142, Psu-210624 and Lot M, Psd-04-021775, (LRC) Rec. No. N-41223, N-8558) situated in the Brgy. San Jose, Mun. of Noveleta, Province of Cavite, Island of Luzon. x x x x x; containing an area of **FIFTY FOUR (54) square meters**, x x x x x"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **March 3, 2023** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said property and encumbrance/s thereon, if any there be.

Cavite City, January 16, 2023.

HENRY M. CRUZ
Sheriff IV

APPROVED:

VICTOR S. AUSTRIA, JR.

Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

COPY FURNISHED:

Home Development Mutual Fund (otherwise known as PAG-IBIG FUND)
The Petron Mega Plaza Bldg.
No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

Annaliza C. Maestre

Cabuco St., Caridad, Cavite City or
Lot 28, Blk. 23, Jordan Estates Subd.
San Jose, Noveleta, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial Sale on or before the date of sale.

Publication: HANEP January 23, 30 & February 6, 2023

3 CAVITE POLICE, 1 SIBILYAN;
'SWAK SA KULUNGAN

TATLONG miyembro ng Philippine National Police (PNP) na nakatalaga sa Dasmariñas City Police Station at isang civilian ang naaresto at nasamsam ang tinatayang mahigit sa P1 milyong halaga ng hinihinalang shabu sa isinagawang buy bust operation sa Dasmariñas City, Cavite Miyerkules ng umaga.

Kinilala ang mga suspek na sina PSSgt Tomas Celleza Dela Rea Jr.; Corporal Christian Arjul Dayrit Monteverde, kapwa nakatalaga sa Dasmariñas City Police Station; Pat Jeru Magsalin, nakatalaga sa Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Dasmariñas City Police Station; at Jorilyn Magnaye Ambrad.

Ang tatlo ay nasa listahan ng High Value Individual (HVI).

Sa ulat, dakong alas- 11:15 ng umaga ay nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng RPDEU 4A, PDEU CAVPPO, Dasmariñas CPS, RIU4A, PDEG-SOU4 at PDEA4A sa Brgy. Salitran 2, na nagresulta sa pagkakaaresto ng mga suspek.

Narekober mula kay Dela Rea ang isang kalibre 9mm na pistol Glock 17, isang Glock Inserted Magazine na may 12 na bala, apat na unit ng Android phones, Navy blue na wallet na naglalaman ng PNP ID sa pangalan ni Dela Rea, isang kulay itim na Tumi Body Bag, isang itim na coin purse, isang card holder ng ATM at iba pang IDs at cash na P1,540.00

Narekober naman kay Monteverde ang tatlong gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P24,000.00; apat na unit ng Cellular Phones; isang itim na wallet na naglalaman ng PNP ID sa pangalan ni Monteverde; isang kalibre 45 na baril; apat na piraso ng magazine ng kalibre 45; 36 na bala ng kalibre 45; isang itim na Body Bag; isang itim na coin purse at cash na P2,000.00 habang kay Ambrad ay narekober ang tinatayang 205 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P1,394,000.00; dalawa pang gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P13,600; isang kulay blue na Sling Bag; 4. Isang Checkered Pouch; dalawang cellular phones; boodle money.

Sa kabuuan, tinatayang 210 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P1,431,600.

Sa follow up operation naaresto ang dalawang pulis at kasama nilang civilian dakong alas-11:15 ng umaga habang naaresto naman si Magsalin sa ikinasang hot pursuit operation sakay ng Toyota Altis na may plakang ABL 6249 matapos

nagsagawa ng buy bust operation sa Brgy Sta Cruz, Dasmariñas City dakong alas-12:00 ng tanghali.

Patuloy pa ang isinasagawang imentaryo sa nasabing operasyon. **GENE ADSUARA**

Miyembro
ng Lucky Bertiz
Criminal
Gang, tiklo

NADAKIP ng mga operatiba ng National Capital Region Police Office (NCRPO) ang isa sa mga miyembro ng Lucky Bertiz Criminal Gang habang ito ay mayroong hinihintay sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) kamakailan.

Ayon kay NCRPO Regional Director PMGEN JONNEL C ESTOMO, ang suspek na si Romeo Patalinghug Jr. y Ciuzon na kilala din bilang "Jun Jun Ugis" at "Inggo", 34, sinasabing isa sa mga miyembro ng Lucky Bertiz Criminal Gang, ay kabilang sa mga nasa listahan ng Criminal Group ng Directorate for Intelligence ng Philippine National Police (PNP).

Sinabipani General Estomo na ang pagkakadakil kay Patalinghug ay bunga ng masigasig na pagmamatyag, pagtatanong at paghahanap ng mgatauhan ng NCRPO na kabilang sa Tracker Team, RID-RSOG NCRPO sa pangunguna ni PLT ALDRICK ZAMORA, sa ilalim ng pamumuno ni PLTCOL WILFREDO V SY, hepe ng Regional Special Operations Group (RSOG) at sa pangangasiwa ni PCOL ROMANO V CARDIÑO, hepe ng Regional Intelligence Division (RID) ng NCRPO. Kasama din sa pagmamatyag, pagtatanong at paghahanap sa nasabing suspek ang mga operatiba ng District Intelligence Division (DID-SPD); Regional Intelligence Unit ng NCR at Region 7.

Batay sa ulat na nakarating sa Office of the Regional Director, NCRPO, si Patalinghug ay nadakil ng mga pulis ganap na alas 11:30 ng umaga nitong ika-29 ng Enero sa NAIA Terminal 3, Pasay City sa bisa ng Warrant of Arrest dahil sa kasong Rape by Sexual Assault in relation to RA 7610 (No Bail) under

Kaso sa bomb scare suspect

PINAKASUHAN ni Quezon City Police District (QCPD) Director PBGEN NICHOLAS D TORRE III ang suspek na nanakot sa ilang mga opisyal, guro, estudyante at mga empleyado ng Ponciano Bernardo High School, Cubao, Quezon City kamakailan. Kinilala ni General Torre ang suspek na si Elfrank Emil Anthony Bacle Kadusale, 22, at kasalukuyang nasa Grade 8 at naka-enrol sa Alternative Learning System (ALS) ng nasabing paaralan.

Ayon kay General Torre, si Kadusale ay inaresto ng mga pulis matapos makilala na gumamit ng Facebook account na "Bob Key Ser Panganiban" na siyang ginamit sa pananakot nitong ika-26 ng Enero ganap na alas 12:59 ng madaling araw kung saan nag-post at sinasabing mayroong bomba na nakalagay sa loob ng isa sa mga comfort rooms ng naturang paaralan.

Batay sa report ni General Torre kay NCRPO Regional Director PMGEN JONNEL C ESTOMO, nabatid na ng araw ding iyon ganap na alas 9:59 ng umaga ay isa pang message ang ipinadala sa pamamagitan ng nasabing Facebook account kung saan nag-post umano ang suspek CC# R-MNL-22-03529-CR na inilabas ni Hon. Judge Phrincess Ma Bajarías – Hermogeno, ng Branch 6 Family Court, National Capital Judicial Region, Manila nuong May 16, 2022.

Ang suspek ay pansamantalang nasa kustodiya ng RID-RSOG NCRPO habang hinihintay ang Commitment Order galing sa korte.

Si Patalinghug ay sinasabing responsable din umano sa mga naganap na nakawan, "akyat-Bahay", theft at illegal drug activities sa Makati City, Pasay City, Las Piñas City, Muntinlupa City, Parañaque City at sa mga karatig lugar nito.

"We will be persistent with our effort against wanted persons in the Metro. I greatly appreciate the effort and dedication of our personnel in rendering their duty and hunting down persons with standing warrants of arrest. We guarantee to invigorate our effort through the implementation of S.A.F.E. NCRPO Program to ensure that these persons will be made to answer for the charges filed against them in the courts of law," ani PMGEN Estomo. **(Paulo B Flores)**

na hindi na pasasabugin ang naturang bomba kung siya ay bibigyan ng halagang Php 100,000.00 ng mga namumuno at nangangasiwa ng nasabing paaralan.

Pagkakita sa mensahe ay hindi na nagpatumpik-tumpik pa ang principal ng Ponciano Bernardo High School at tumawag na sa mga pulis upang ipagbigay ang pangyayari.

Kaagad naman rumesponde ang mga tauhan ng Cubao Police Station, Explosive Units, QCPD upang tingnan ang lugar. Pagkatapos magsagawa ng visual inspection at threat assessment, wala naman nakita ang mga pulis na anumang uri ng bomba o improvised explosive device. Pagkatapos ng visual inspection at threat assessment sa paaralan, pinagtulungan naman ng mga IT experts ng QCPD na matukoy kung sino ang posibleng nasa likod ng nasabing bomb threat.

Nang mabatid na si Kadusale ang nasa likod ng nasabing pananakot at pangigikil ay agad na itong inaresto ng mga pulis ng araw din na yun.

Sa tatlong pahinang inquest resolution na ginawa ni Assistant City Prosecutor, Criselyn B. Carayugan-Lugo ng Quezon City Prosecutor's Office, si Kadusale ay inaresto ng mga pulis batay sa Section 5, Rule 113, of the Rules of Criminal Procedure at naharap sa mga kasong Violation of Presidential Decree 1727 o ung Anti-Bomb Joke Law in relation to Section 6 ng Republic Act 10175 na mayroong kaukulang piyansa na Php 30,000.00; Grave Threats under Article 282 para 1 of RPC in relation to Republic Act 10175 na mayroong piyansa na Php 72,000.00; at Violation of Section 4(b)(3) of RA 10175 na may kaukulang piyansa na Php 120,000.00.

Samantala, nakatanggap din ng bomb threats ang New Era Elementary School, Emilio Jacinto High School at San Francisco High School bagaman ang lahat ay napatunayan ng QCPD na pawang mga false threats ay patuloy pa rin itong iimbestigahan ng pulisya upang matuloy kung sino ang nasa likod at may pakana ng mga nasabing bomb threats. Kaugnay nito, sinabi ni PMGEN Estomo "we will not take these incidents lightly since this is not the first time that we have received bomb threat/prank reports especially in the schools and universities. Rest assured that Team NCRPO will take every measure available and will provide additional resource we have to protect the public from such life-threatening situations." **(Paulo B Flores)**

HANEP

Basahin Mo Ito!

KOORDINASYON NG PNP SA ICT KONTRA E-SABONG

PATULOY ang koordinasyon ng Philippine National Police sa Department of Information and Communication Technology kaugnay ng pinalalakas na kampanya kontra online sabong. Ito ay matapos mabatid na nasa daan-daang platform pa ang gumagamit sa operasyon ng e-sabong sa bansa na kasalukuyang minomonitor ng kapulisan. Kasabay nito ay ang rekomendasyon ng PNP na ang e-sabong ay ipabilang sa illegal gambling activities. Ang bawat service provider

na mabibigong i-block o i-take down ang mga e-sabong websites ay mapaparusan sa kagaya ng illegal gambling activities sa ilalim ng Presidential Decree 1602. Sinusulat ito ay naipasara na ng PNP ang nasa 217 e-sabong websites at iba pang online platforms na ilegal na nag-o-operate nito. Nabatid na pursigido si PNP Chief Gen. Rodolfo Azurin Jr. na tuluyang sugpuin ang operasyon ng online sabong sa bansa. **RUBEN LACSA**

Tserman, misis; pinaulanan ng bala

PATAY ang isang barangay chairman gayundin ang asawa nito matapos pagbabarilin ng mga salaring nakamotorsiklo sa Maguindanao Del Norte kamakailan. Kinilala ang mga biktima na sina Abubacar Abdul, chairman ng Barangay Polloc, Parang Maguindanao Del Norte; at ang kanyang misis na si Baisa Abdul. Sa inisyal na imbestigasyon ng pulisya, naganap ang incidente sa bahagi ng Sitio Timbangan, Barangay Sarmiento, bayan ng Parang. Minamaneho ng naturang barangay chairman ang puting Toyota pickup kasama ang kanyang asawa.

Biglaumanong pinagbabaril ang mag-asawa dahil ng pagkakasadsad ng nasabing sasakyan sa gilid ng national highway. Tumakas sakay ng motorsiklo ang mga suspek at hinihinalang kalibre 45 ang ginamit sa pananambang at pagpatay sa mga biktima. Nagawa pang madala ang mag-asawa sa ospital sa Cotabato City gayunman dahil umano sa dami ng tinamong bala sa iba't ibang bahagi ng katawan ay namatay din ang mag-asawa. Nagsagawa ng malalimang pagsisiyasat ang pulisya upang matukoy ang motibo sa pagpatay at sa pagkakakilanlan ng mga suspek. **MARCK BADION**



MISMONG si Commission on Elections Chairman George Garcia ang personal na umasiste sa isang matandang babaing humabol sa huling araw ng rehistrasyon nitong Enero 31 na ginanap sa isang mall sa Maynila. Ayon sa opisyal ay naabot ng komisyon ang target na 1.5 milyong rehistradong botante. **CHRISTIAN HERAMIS**



BAHAGI ito ng paanyaya nina President Youn Manyou, ng Korean Sports Council of the Philippines (KSCP), at Jeong Gang Sun, president ng Jeonbuk Sports Council, ng siyam na araw na araw na sports events sa ASIA PACIFIC MASTERS GAMES 2023 sa Jeonbuk South Korea. Nakapaloob dito ang 26 uri ng palakasa tulad ng swimming, target shooting, cycling, basketball, taekwondo at iba pa, na bukas sa mga amateur at sports lover na eded 30 pataas. **CHRISTIAN HERAMIS**



COFFEE TABLE BOOK: Tinanggap nina Pasay City Mayor Imelda Calixto (pangatlo mula sa kaliwa) at Representative Antonio Calixto (kanan) ang isang kopya ng Coffee Table Book buhat sa Congregation Del Nombre Jesus na nangasiwa sa isinagawang pagdiriwang ng Kapistahan ng Santo Niño kung saan ipinutusay ang imahen ni Santissimo del Niño Jesus sa ilang bahagi ng Pasay City kamakailan. **(Paulo Flores)**



IPINAPAKITA ni Army Lieutenant Jessa Mae Llasus (kaliwa) kung papaano ang pagsasagawa ng Cardiopulmonary Resuscitation (CPR) sa isang pasyente na nangangailangan nito upang mabuhay sa isinasagawang pagsasanay hinggil sa Basic Life Support (BLS), Spine Board Management, Triage and CPR with AED Training para sa mga Reservist Officers at Enlisted Reservists ng Bravo Coy na pinamumunuan ni LT MARLON Q MARTINEZ PA (RES), 402nd RRBn at sa pangangasiwa ni MAJ ARIEL T MATIC (INF) PA, 402nd CDC Reserve Command, Philippine Army sa Camp Riego de Dios, Tanza, Cavite kamakailan. **(Paulo Flores)**



ROMY SANTOS
0977-7844136

Checkpoint 'di lang para sa nakamotor; Congrats Carmona

MAY gaganaping special election sa darating na Pebrero 25 para sa nabakanteng kinatawan ng ikapitong distrito sa Cavite. Bukod sa gun ban ay ipinatupad siyempre ang mga checkpoint ng pulisya. Kumusta naman kaya ang mga inilatag na checkpoint ng kapulisan? Ilang rider kaya ang nasampolan ng checkpoint? Kadalasang naririnig na kapag may checkpoint ay sinasabing halos nakatuon ay sa mga motorsiklo. Dahil sa checkpoint na ito ay isang 40-anyos na lalaki ang natimbog dahil sa kasong paglabag sa Comelec gun ban sa Amadeo. Sasakyan ang dala o minamaneho ng suspek at hindi motorsiklo na pinapara sa checkpoint ng mga pulis. Mas mainam naman na hindi lamang sa mga nakamotorsiklo nakatuon ang checkpoint bagkus

maging sa mga sasakyan din. Medyo kampante ang ilan sa mga nasa kotse o sasakyan kahit may checkpoint dahil ang akala o isip ay single motorcycle lamang ang target ng mga awtoridad. Ang ikapitong distrito sa Cavite ay sinasakupang ng Amadeo, Tanza, Indang, at Trece Martires City. Gudlak sa mga kandidato at nawa'y sundin ang nilagdaan nilang peace covenant para sa tahimik na ispesyal na halalan. Speaking of Cavite, nakaumang na ang pagiging lungsod ng bayan ng Carmona. Aprubado na sa ikatlo at pinal na pagbasa sa Senado ang panukalang baguehin bilang isang lungsod ang Carmona. Sa umuunlad at lalo pang uunlad na bayan kagaya ng Carmona ay napapanahon na upang maging ganap na lungsod. Congrats sa Carmona.



TRIBUTE OF GRATITUDE: Pinangunahan nina Fr Rodel Aligan, OP ang Dean ng Faculty of Theology (kanan) at Fr Allan Lopez, OP (kaliwa) ang pagbibigay parangal kay Fr. Pompeyo De Mesa, OP isang retiradong professor sa Liturgy at Christian Anthropology ng mga nag-aaral sa University of Santo Thomas Central Seminary na pinapangasiwaan ng mga paring Dominiko (Order of Preachers) sa isang simpleng seremonyas kaugnay ng UST Alumni Priests' Association Homecoming nitong ika-31 ng Enero 2023 kasabay ng pagdiriwang ng Kapistahan ni Saint Thomas Aquinas. **(Paulo Flores)**



DINAGDAGAN ng Manila Police District ang mga pulis na nakatalaga bilang 'bike patrol' matapos magbigay ng 150 bicycle na donasyon ang Association of Police Officers by Lateral Entry (APOLE) at Filipino-Chinese businessmen kamakailan. Pinangunahan ni MPD Director BGEN Andre Dizon ang mga bike patroller sa pag-iikot sa mga paaralan at sa mga matataong lugar bilang bahagi ng kanilang pinalalakas na police visibility na makakatulong din upang maging physically fit ang mga pulis. **CHRISTIAN HERAMIS**